

Lungsod ng Onomichi

Mula Abril 2026 タガログ語

Para sa mga lugar sa labas ng Innoshima at Setoda

Guidebook sa Paghihiwalay ng Basura sa Tahanan



Mga Pakiusap sa Pagtatapon ng Basura

*Mangyaring ilabas ang inyong mga basura bago ang koleksyon ng : ng umaga.

- Maaaring maglabas ng hanggang **dalawang bag ng basura na 45 litro ang kapasidad**. Kung may maraming basura, dalhin ang mga ito sa clean center.
- Alisin nang mabuti ang **moisture** mula sa mga basura bago ilabas ang mga ito.
- **Balutin sa papel** ang mga bagay na matulis o matalim, tulad ng bamboo skewer, mga tinik ng rosas, kutsilyo, atbp.
- Ang mga basurang may laking higit sa 50 cm ay kabilang sa kategorya ng malalaking basura. Sa halip na itapon ang mga ito sa garbage station, dalhin sa clean center, o tumawag at mag-aplay para sa pagkolekta.
- Ang guidebook na ito ay para sa mga basura mula sa pang-araw-araw na buhay sa tahanan. Hindi kinokolekta ng lungsod ang mga basura mula sa negosyo.

Ang 4Rs ay binubuo ng apat na keyword na nagsisimula sa letrang R.

Refuse • **Reduce** • **Reuse** • **Recycle**

Opisina ng Koleksyon ng Basura ng Lungsod ng Onomichi

1-220-75 Chojagahara, Onomichi-shi 722-0221

TEL: 0848-48-2900 FAX: 0848-48-2820

Website: <https://www.city.onomichi.hiroshima.jp>

Mga Basurang Maaring Sunugin

Itapon nang nakabalot sa isang transparent o translucent na supot


Basura sa kusina

Basura sa kusina tulad ng gulay at tirang pagkain



● Alisin ang tubig nang mabuti bago itapon.

Bamboo sticks, chopsticks, atbp.



● Baliin o balutin sa papel ang mga bagay na matulis, tulad ng skewer ng inihaw na manok, bago itapon.

Damo at piraso ng kahoy

Pinutol na sanga



● Itali nang may habang hindi hihigit sa 50 cm at diameter na hindi hihigit sa 10 cm.

Damo sa hardin



Papel at tela

Paper cup



Disposable diapers (pati ang mga ginagamit sa caregiving)



● I-flush ang dumi sa inidoro bago itapon.

Down jacket



Stocking



Underwear



Leather items

Bag



Sapatos



Sinturon



● Itapon nang direkta ang kaunting metal.

Plastic na lalagyan o packaging na may duming mahirap linisin

Lalagyan ng mantika



Lalagyan ng pampalasa, tulad ng mayonnaise, atbp.



Iba pa

Itinatapong gloves



Plastic wrap




Sapin



Mga Basurang Hindi Maaring Sunugin

Laruan



● Tanggalin ang baterya.

Frying pans at takure



Lalagyan ng pagkain, atbp. (Plastic o stainless steel)



De-lata at bote ng mantika



Kutsilyo at razors



● Balutin sa papel, tulad ng anunsiyo, ang talim.

CD at DVD



● Kasama na ang lalagyan.

Bota



Poly tank (Kerosene, atbp.)



● Alisin ang laman.

Futon, kumot, at kurtina



● Itali nang pa-krus bago itapon.

Digital thermometer



Plastic bag ng dry cleaning



Sirang styrofoam



● Kapag hindi na matanggal ang dumi kahit hugasan, itapon bilang basurang hindi maaaring sunugin.

Mga basurang maaaring itapon sa garbage station kahit hihigit sa 50 cm (Halimbawa)

Vacuum cleaner (Walang rechargeable battery)



Microwaves



Kalan at fan heater



● Alisin ang gaas at tanggalin ang baterya.

Mga basurang dapat ihiwalay sa ibang basura at ilagay sa ibang supot.

Audiocassette at videocassette





● Kasama na ang lalagyan.


Plastic Bottles

Ibalot sa isang transparent na supot bago itapon



- Alisin ang takip at label at hugasan.
- Siguraduhing ubusin ang laman, at itapon ang PET bottle na pinaglagyan ng mantika o sauce bilang “basurang maaaring sunugin”.
- Kahit may markang , itapon bilang “plastic na lalagyan o packaging” maliban sa bottle.

Plastic bottles (may markang ) na pinaglagyan ng tubig, juice, panimpla, atbp.




Itapon ang mga tinanggal na label at takip bilang plastic na lalagyan o packaging.


Landfill Waste

- **Hindi basura ang lupa at bato, kaya hindi kinokolekta ang mga ito.**
- Ilagay sa isang cardboard at markahan ng [ワレモノ] (fragile) bago itapon.
- Ang mga basurang mahigit 50 cm ay itinuturing na malalaking basura na may bayad.
- Ilagay ang abo sa PP sandbag bago itapon.
- Itapon sa tabi (labas) ng garbage station kung saan madali itong makikita.

Mga glass at basag na salamin



Mga ceramics



Plastic na Lalagyan o Packaging

Ibalot sa isang transparent na supot bago itapon



Pinaglagyan at packaging material ng mga produkto

*Paminsan ay may makikitang pantukoy na marka sa lalagyan o kahon.

Plastic bottles at refill packs



Plastic shopping bags



Lalagyan ng tofu



Lalagyan ng natto



Lalagyan ng itlog



Lalagyan ng cup noodles, atbp.



Lalagyan ng bento



Lalagyan na gawa sa styrofoam



Lalagyan ng confectionery at frozen food



Pambalot ng mga produkto

Tray ng pagkain



Cushions



Packaging films



Lalagyan ng gamot



Takip at label ng PET bottle



- Ang mga plastic na lalagyan o packaging ay tumutukoy sa mga **lalagyan, supot, o pambalot na gawa sa plastic o vinyl na tinatapon kapag nakain o ginamit na ang mga laman nito.**
- **Huwag sama-samang ilagay** ang maliliit na supot na naglalaman ng plastic na lalagyan o packaging sa isang malaking supot.
- Alisin ang laman at hugasan ang lalagyan bago itapon.

Resource Recovery

Papel

Dyaryo, magazine, recyclable na papel, cardboard, at karton ng gatas.

- Ihiwalay at itali nang pa-krus bago itapon.



Cardboard

Ganito ang hitsura ng pagkakatali:



Dyaryo at leaflets



Magazines at recyclable na papel



Karton ng gatas

(Hugasan ng tubig)

Tela

Damit, tuwalya, atbp.

- Itali o ilagay sa transparent na supot bago itapon.
- Itapon ang futon o kumot bilang basurang hindi maaaring sunugin.
- Itapon ang mga leather items, underwear, medyas at iba pa bilang basurang maaaring sunugin.



Steel cans

Juice, de-latang pagkain, lata ng meryenda, atbp.



*May ganitong marka ang mga steel can.

Aluminum cans

Lata ng beer, juice, atbp.



*May ganitong marka ang mga aluminum can.

Spray cans

- Ubusin ang laman at siguraduhing butasin.



Boteng hindi na maaaring gamitin

Mga boteng hindi refillable, tulad ng mga bote para sa juice, kape, alak, atbp.

Transparent



Brown



Iba pa



(Mga boteng pang-inumin atbp.)

- Ihiwalay sa tatlong klase ayon sa kulay: transparent, brown, at iba pa.
- Tanggalin ang takip at direktang ilagay sa lalagyan.
- Ang mga bote para sa kosmetik o mga langis ay itinuturing na basurang hindi maaaring sunugin.

Refillable na bote

Mga 1.8 litrong bote at malaking bote ng beer



- Tanggalin ang takip at direktang ilagay sa lalagyan.
- Ilagay ang mga 1.8 litrong bote nang pahiga.

Oil na pinagprituhan ng tempura

- Ilagay sa colorless at transparent na PET bottle (na screw-type ang takip) at isara nang mahigpit.

Mga Basurang Mapanganib

Ihiwalay at ilagay sa magkaibang transparent na supot bago itapon.

- Ilagay ang fluorescent, bombilya, at LED sa orihinal na lalagyan o kahon nito bago itapon.
- Nareresiklo ang fluorescent, kaya huwag mabasag bago itapon.
- Dalhin ang fluorescent at LED na may habang hihigit sa 150 cm sa clean center.
- Siguraduhing itapon sa tabi (labas) ng garbage station kung saan madali itong makikita.

Fluorescent, bombilya, at LED



Baterya at rechargeable battery



Produktong gumagamit ng rechargeable battery



Gas lighters



Termometrong may asoge



Tingnan din ang susunod na pahina para sa paghawak ng rechargeable battery.

Kapag hindi wasto ang pagtatapon, ang rechargeable battery ay maaaring magliyab, na lubhang mapanganib.

Ano ang rechargeable battery (lithium-ion battery, atbp.)?

Ang bateryang ito ay hindi itinatapon. Maaari itong gamitin nang paulit-ulit gamit ang charger, ngunit maaari itong magliyab kapag natamaan ng impact.

Dahil dito, ang hindi wastong pagtatapon ay maaaring humantong sa sunog, na maaaring makahadlang sa pagkolekta at pagtatapon ng basura.

Ihiwalay nang wasto ang mga produktong gumagamit ng rechargeable battery at itapon sa tabi (labas) ng garbage station kung saan madali itong makikita.

Pangunahing produktong gumagamit ng rechargeable battery



Paraan ng pagtatapon ng produktong gumagamit ng rechargeable battery

Produktong maaaring tanggalin ang rechargeable battery

- Tanggalin ang rechargeable battery, at itapon ang produktong mismo bilang “basurang hindi maaaring sunugin”.
- Ilagay ang natanggal na rechargeable battery sa ibang transparent na supot at itapon bilang “basurang mapanganib”.

Sa “basurang hindi maaaring sunugin” ang produktong mismo




Sa “basurang mapanganib” ang rechargeable battery

Produktong hindi maaaring tanggalin ang rechargeable battery


Sa halip na subukang tanggalin nang sapilitan, itapon ito gamit ang isa sa mga sumusunod na paraan.

- ◆ Ilagay sa ibang transparent na supot at itapon bilang “basurang mapanganib”. Basta ilagay ang label na [ジュウデンシキ] sa produktong hindi kasya sa transparent na supot at itapon bilang “basurang mapanganib”.




- ◆ Basta dalhin sa clean center.

***Kapag namaga o nadisporma ang rechargeable battery, sa halip na itapon sa garbage station, dalhin sa clean center.**




Opisina ng Koleksyon ng Basura ng Lungsod ng Onomichi
(Onomichi City Clean Center)

1-220-75 Chojagahara
 ☎ 48-2900




Mitsugi Clean Center



Mitsugi Clean Center

1308 Ayame, Mitsugi-cho
 ☎ 76-3277



Mukaishima Clean Center

11098-151 Mukaishima-cho
 ☎ 44-2492